
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 12
Hulyo 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Unahin at agad na tugunan ang mga kahilingan ng bayan



Sa loob ng ilang araw, haharap sa unang pagkakataon si Rodrigo Duterte bilang presidente sa pagbubukas ng Kongreso ng Republika ng Pilipinas. Inaabangan ng sambayanan ang kanyang magiging "state of the nation address" o SONA, ang kanyang talumpati na paglalahad ng programa, patakaran at mga prayoridad ng kanyang gubyerno sa darating na taon.

Sa pagkakataong ito, marapat na patampukin at bigyang-diin ng sambayanang Pilipino ang kinasasadlakan nilang kahirapan, kaapihan at paghihirap at igiit sa rehimeng Duterte kung anu-ano ang mga hakbangin at solusyon na dapat nitong unahin at kaagad na tugunan.

Matapos nang halos isang buwan sa poder, naging abala si Duterte sa kanyang kampanya laban sa droga. Sadyang napakalaking problema ang talamak na abuso sa droga, laluna sa shabu, kaya naman malugod na tinanggap ng mamamayan ang tinaguriang "gera kontra-droga."

Gayunpaman, labis rin silang nababahala sa walang pakundangang pagpatay ng mga suspek at pagtarget sa pinakamaliliit na tauhan ng mga sindikato sa droga na kalakha'y biktima rin ng sistema. Samantala, wala pang ginagawang mapagpasya at malakihang pagyuyugyog sa hanay ng matataas na upisyal ng PNP at AFP na kabilang sa malalaking protektor at opereytor ng mga kriminal na operasyon sa iligal na droga. Ang mga pinalipad na akusasyon ay inaabangan nilang susuportahan ng puspusang paglalantad sa buong operasyon ng mga sindikatong ito upang dalhin sila sa korte, litisin at parusahan.

Malaki man at matingkad, ang problema sa droga ay isa lamang sa sanlaksang problema ng bayan. Hindi nga ito ang pinakamalaking problema kung tutuusin. Hindi ito malulutas ng kaliwa't kanang mga pamamaslang dahil bunga lamang ito ng mas saligang mga suliraning nagsasadlak sa bayan: ang malawakang kahirapan, kawalan ng trabaho, mataas na presyo ng mga bilihin, laganap na gutom at sakit at pangkalahatang pagsadsad ng antas ng buhay.

Milyun-milyon ang nasasadlak sa droga sa desperadong paghahanap ng kahit panandaliang pagtakas sa gutom at lugmok na kalagayan sa buhay. Libu-libo naman ang mga walang hanapbuhay na kapit-sa-patalim na lumalahok sa pagtutulak nito para sa mabilisang kita. Ito ang kalagayang sinasamantala ng malalaking kriminal na sindikatong nakapugad sa loob ng pulis, militar at burukrasya.

Kaya naman, para sa sambayanang Pilipino, ang kailangang-kailangang lutasin agad ay ang mas saligang mga problemang panlipunan at pangkabuhayan. Hinihingi ng bayan na ang laki ng pansing ibinibigay ng rehimeng Duterte sa problema ng droga at krimen ay ilang ulit na tumbasan ng pansin at pagsisikap sa paglutas sa mga araw-araw na problema ng gutom at kahirapan.

Ang mayorya ng sambayanang Pilipino ay mga magsasaka at manggagawang anakpawis. Iginigiit nila na ang kanilang mga hinaing ang

dapat bigyang pansin, unahin at kaagad na tugunan ng rehimeng Duterte. Hangad nila ang pakikiisa ni Duterte sa pagharap sa kanilang mga hinaing at paglutas sa kanilang mga suliranin.

Isa sa pinakakagyat na problema ng bayan ay ang malawakang kawalan ng trabaho. Araw-araw, mas marami ang nangingibang-bayan kaysa nakahahanap ng trabaho sa loob ng bansa. Dapat makagawa ng hakbanging pangkagipitan ang rehimeng Duterte para makapagbigay ng hanapbuhay sa milyun-milyong naghahanap ng trabaho. Kabilang dito ang posibilidad na buksan at patakbuhin ang mga nagsarang pabrika, laluna ang mga molino at mga nagpoproseso ng pagkain at iba pang mga kailangang-kailangang kalakal sa lokal na pamilihan.

Sa kanayunan, maaaring mamuhunan nang malaki ang rehimeng Duterte sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng imprastrukturang irigasyon. Bukod sa lilikhain nitong trabaho, kahit pansamantala, makatutulong ito sa pagbwelo ng produksyon sa kanayunan.

Alinsunod na rin sa kanyang pangako, dapat kaagad na ipag-utos ni Duterte ang pagbibigay ng libreng irigasyon sa mga magsasaka. Dapat gumawa ng hakbang ang rehimeng Duterte na pawiin ang utang ng mga magsasaka sa irigasyon pati na sa mga usurero. Dapat ipag-utos ang kaagad na pagbabalik ng pondong *coco levy* sa mga magniniyog upang makatulong sa pagpapasigla ng produksyon at komersyo sa kanayunan.

Kaagad-agad, maaaring ipatupad ang kautusang distribusyon ng lupa sa Hacienda Luisita pabor sa mga tenante ng asyenda. Dapat itulak si Duterte na kilalanin at bigyan ng suportang-pondo ang mga bungkalan ng mga magsasaka na lumulutas sa problema ng kakulangan ng pagkain sa maraming lugar. Dapat siyang hikayatin na ideklarang patakaran na gawing produktibo ang lahat ng lupang pwedeng tamnan ng halamang pagkain.

Kailangang-kailangan ring kaagad na ilabas ang pondong pangkalamidad sa mga lugar na dumanas ng mga sakuna kabilang ang mga lugar na saklaw ngayon ng tagtuyot, pati na yaong mga lugar na hindi pa nakababangon sa Yolanda at iba pang bagyo sa nagdaang mga taon.

Dapat kaagad na pabweluhin ang produksyon ng pagkain sa kanayunan, laluna ang produksyon ng palay. Maglaan ng subsidyo para sa produksyon ng palay upang tiyaking sapat ang suplay at maibaba nang minimum na 15% ang presyo ng bigas sa lokal na pamilihan. Dapat baklasin ang libu-libong ektaryang inilalaan sa produksyong pang-eksport sa ilalim ng mga iskemang *contract-growing* na nagkakait ng malawak na lupa para sa produksyon ng pagkain.

Nakikiisa ang mga manggagawa sa deklarasyon ng rehimeng Duterte na wakasan ang "endo" at iginigiit nilang wakasan ang lahat ng anyo ng kontraktwalisasyon at pleksibleng mga anyo ng pag-eempleyo. Kaakibat nito, kailangang-kailangang tugunan ni Duterte ang sigaw para itaas ang sahod na mahigit isang dekada nang nakapako. Dapat niyang suportahan ang sigaw ng mga manggagawa sa buong bansa na itakda ang isang pambansang minimum na sahod at ibasura ang rehiyunalisasyon at mapang-aping dalawang-andanang sistemang pasahod.

Dapat maglaan ng pondong pangkagipitan na pansubsidyo sa presyo ng mga karaniwang bilihin at serbisyo upang mapagaang ang araw-araw na pasanin ng bayan. Dapat ipag-utos kaagad ni Duterte ang pagtataas ng pensyon ng SSS at paimbestigahan ang mga nagpapayamang upisyal nito.

Dapat pagtibayin ni Duterte ang isang patakaran para sa libreng serbisyong pangkalusugan para sa lahat at ibasura ang Philhealth. Dapat maglaan siya ng pondong pangkagipitan para seguruhin ang katayuan ng mga pampublikong ospital laban sa planong pribatisasyon at korporatisasyon, bawiin ang mga isinapribadong serbisyo sa loob ng


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 14 | Hulyo 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


# Nilalaman


**Editoryal:** Unahin at tugunan ang kahilingan ng mamamayan 1

Hinggil sa pag-abswelto kay Arroyo 3

Pamamaslang sa mga Lumad, patuloy 4

Kampanyang kontra-droga ni Duterte 5

Lider ng Alamara. pinarusahan 5

Kapalpakan ng 4Ps 6

Bungkalan sa Negros Occidental 7

Welga sa Batangas 8

Demiilitarisasyon ng South China Sea 8

Pagwasak sa kabuhayan 10

#BlackLivesMatter, muling tumampok 12

Karahasan sa Iraq, tumitindi 13

Pabatid 13



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mga ospital ng gubyerno, at palawakin ang suporta para sa *dialysis*, libreng bakuna at mga karaniwang gamot at iba pang mga kailangang-kailangang serbisyong medikal.

Dapat kaagad na lutasin ang problemang nilikha ng K-12 pabor sa kapakanan ng mga estudyante. Maaaring pahintulutan na makapag-enrol sa kolehiyo ang mga nakapagtapos na ng Grade 10 o hayskul. Dapat itulak kay Duterte na ideklara bilang patakaran ng estado ang libreng edukasyon hanggang kolehiyo. Tiyakin na sapat ang ilalaang badyet sa edukasyon sa susunod na taon.

Ang idineklara ni Duterte na patakarang "walang demolisyon kung walang relokasyon" ay pinapalakpakan ng mga maralitang mamamayan sa kalunsuran. Kaakibat nito'y dapat nilang igiit ang badyet para sa mura at disenteng pangmaramihang pabahay sa mga lugar na malapit ang kanilang hanapbuhay.

Dapat itulak na maglaan ng badyet para sa modernisasyon ng imprastrukturang pangkalunsuran, kabilang ang kontrol sa baha at koleksyon ng basura. Dapat mapagpasyang lutasin ang problema ng trapik sa pamamagitan ng pagpapalawak ng maramihang transportasyon (bus at mga tren) at regulasyon sa pribadong mga sasakyan. Dapat mabuo ang malinaw na plano sa susunod na 1-2 taon para sa modernisasyon ng riles para pabilisin ang byahe ng tao at mga kalakal. Maaaring ikawing rito ang plano para sa pagpupundar ng lokal na industriya ng bakal.

Kung maisasagawa ang mga hakbanging ito, ang programang "pantawid-pamilya" na ipinagmalaking kontra-kahirapang programa sa nakaraan ay mawawalan na ng saysay. Habang naririyan pa ang badyet nito, wasto lamang ang plano na alisin ang mga kundisyon sa pamimigay ng subsidyong salapi, pawiin ang korapsyon sa DSWD at sa mga lokal na upisyal at ilaan ang bahagi nito sa mga samahan o kooperatibang pamproduksyon.

Ang lahat ng hakbanging ito'y nakatuon sa kumakalam na sikmura ng bayan. Bawat isa nito'y maliit na hakbang patungo sa kapayapaan. Kaakibat rin nito'y dapat na ipatigil ni Duterte ang mga operasyong kombat at pagpapatrulya ng AFP sa ilalim ng Oplan Bayanihan na gerang mapanupil na nakagagambala sa kapayapaan sa kanayunan. Dapat kaagad na paalisin ni Duterte ang mga sundalong nag-ooperasyon sa mga komunidad ng mga Lumad at sumusupil sa kanilang karapatan sa sariling pagpapasya sa kanilang lupa at kultura, gayundin sa iba't ibang bahagi ng bansa. Dapat kaagad rin niyang ipag-utos ang pagbaklas ng mga tropang paramilitar na pinatatakbo ng AFP.

Dapat tuluy-tuloy na isulong ni Duterte ang patakaran ng pakikipag-usapang pangkapayapaan sa NDFP. Inaasahang ipag-uutos niya ang pagpapalaya sa lahat ng mga konsultant ng NDFP at lahat na sa 550 detenidong pulitikal. Ang usapang pangkapayapaan ay inaasahang magsisilbing pagkakataon para magkaisa ang rehimeng Duterte at pambansa-demokratikong kilusan sa isang kasunduang magsisilbing balangkas ng mas matagalang alyansang demokratiko at patriyotiko.

Marami sa mga nakasaad sa itaas ay kabilang sa mga programang inihapag na ng mga progresibong organisasyon kay Duterte. Sa balangkas ng naghaharing estado, maisasagawa lamang ang marami rito kung mayroong pagtitibaying batas para rito. Sa harap ng supermayoryang suporta ni Duterte sa kongreso, inaasahang madali niyang makukuha ang pagsang-ayon ng kongreso para sa mga hakbangin basta't matatag ang kanyang kapasyahan.

Ang usapin at laban sa mga darating na linggo at buwan ay kung kanya ngang susuportahan, uunahin at kaagad na tutugunan ang mga kagyat na kahilingan at pangangailangan ng bayan. Isang labanan din sa reaksyunaryong kongreso kung alin ang pahahalagahang adyenda: dagdag na sahod o chacha? subsidyo para sa serbisyo o planong pederalismo?

Ito ay magiging labanan ng mga prayoridad. Hindi dapat magkuya-kuyakoy lamang ang sambayanan. AB

## Hinggil sa pag-abswelto at pagpapalaya kay Gloria Macapagal-Arroyo

TINULIGSA NG Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pagpapawalang-sala kay dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa kasong pandarambong at ang kasunod na pagpapalaya sa kanya mula sa detensyon.

Inilabas ng Korte Suprema ang desisyon nitong Hulyo 19 sa botohang 11-4. Walo sa bumoto pabor sa pagpapawalang-sala kay Arroyo ay kanyang mga hinirang sa Korte Suprema.

Dapat ding tuligsain at pagbayarin ang nagdaang rehimeng Aquino sa pagsampa nito ng pinakamahinang kaso sa napakaraming posibleng kasong kriminal at pandarambong na maaari sanang inihain laban kay Arroyo.

Hindi kinasuhan si Arroyo sa maanomalya at sobrang mahal na kasunduang ZTE Broadband, o sa kasunduang IMPSA *powerplant* na kapwa direktang kinasangkutan niya. Hindi rin kinasuhan si Arroyo sa kanyang pananagutan sa di-bababa sa 1,000 kaso ng mga ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibista na isinagawa ng kanyang *cabinet security cluster.* Mahigpit na nakipagtulungan si Arroyo sa

*sundan sa pahina 4*

mula pahina 3

sangay na ito sa loob ng kanyang siyam na taong panunungkulan, laluna mula 2005.

Sa ilalim ng nagdaang rehimeng Aquino, wala ni isa mang mataas na upisyal mula sa rehimeng Arroyo ang sinampahan ng karampatang kaso at pinarusahan sa korapsyon, gayong paboritong pagbuntunan ito ng sisi ni Aquino. Sa halip na gawing isang seryosong pagsisikap para bigyang-katarungan ang dinanas na paghihirap ng mamamayang Pilipino, malinaw na ang ginawa noong pagsampa ng kaso laban kay Arroyo ay simpleng pampulitikang drama at pakana lamang upang alisan siya ng kapangyarihan.

Nakalulungkot na hindi sinalungat ng mga kinatawan ng gubyernong Duterte ang petisyon ni Arroyo, alinsunod sa pahayag ni Duterte na mahina ang kaso laban sa dating pangulo. Maaari sanang humingi ng panahon sa Korte Suprema ang mga abugado ng gubyerno upang repasuhin at palakasin ang kaso.

Ang pagbasura sa kaso at pagpapalaya kay Arroyo ay katibayan ng tagibang na hustisya at bulok na pulitika ng padrino na tatak ng naghaharing pampulitikang sistema. Pinatitingkad nito ang inhustisya at pinsalang dinanas ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng burukrata kapitalismo kung saan pinagsisilbihan ng naghaharing estado ang makauring interes ng ilang mayayaman.

Ang Korte Suprema ay integral na bahagi ng burukrata kapitalistang sistema. Taliwas sa ipinamamarali ng iilang naghahari, hindi kailanman ito nagsilbi bilang bukal ng katarungan para sa mamamayan. AB

# Pamamaslang sa mga Lumad, nagpapatuloy

Mahigpit na kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang sunud-sunod na pagpaslang nitong nakaraang linggo sa mga lider ng Lumad at mga guro at patuloy na panggigipit sa kanilang mga eskwelahan.

Nitong Hulyo 15, binaril ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo sina Danny Diarog, datu ng tribong Bagobo K'lala at Hermie Alegre, pangulo ng Parent-Teacher-Community Association ng paaralang Salugpongan sa Sityo Kahusayan, Barangay Manuel Guianga, Tugbok District sa Davao City. Pauwi ang dalawa galing sa pulong na ipinatawag ng National Commission on Indigenous People. Agad na namatay si Alegre habang si Diarog ay agaw-buhay sa ospital.

Samantala, tatlong guro ng Mokamad Ali Elementary School sa Barangay Tamontaka 4 ang tinambangan ng nakamaskarang kalalakihan habang papunta sila sa Cotabato City. Agad na napatay sina Fahara Kabuntalan La at Sittie Usop Abdullah habang sugatan si Aisah Karon Malugka at ang drayber ng sinasakyan nilang traysikel.

Ang mga pagpaslang na ito ay malinaw na bahagi ng kampanya ng karahasan at panunupil ng Armed Forces of the Philippines at pwersa nitong paramilitar sa mamamayang Lumad sa ilalim ng Oplan Bayanihan.

Inatasan ng PKP ang lahat ng rebolusyonaryong organisasyon na maglunsad ng imbestigasyon at kilalanin ang salarin at utak ng mga krimeng ito. Hinamon rin nito ang kasalukuyang rehimen ni Duterte na agad na bigyang hustisya ang pagpaslang at itigil ang nagpapatuloy na kampanya ng panunupil na ibinabandera ng AFP laban sa mamamayang Lumad.

Samantala, sinuspinde noong Hulyo 7 ng Mindanao Interfaith Services Foundation, Inc. (MISFI) ang klase sa eskwelahang Lumad sa Sityo Gatungon, Barangay Tapak, Paquibato District. Ito ay matapos binantaan ng Alamara ang buhay nina Chavez Paterno at Jun Villasorda, mga guro ng paaralan.

"Pinipilit nilang mga NPA daw kami at yung eskwelahan namin ay pagmamay-ari ng NPA," ayon kay Paterno, isa sa mga guro sa MISFI sa Gatungon.

Nagbanta rin ang Alamara na susunugin ang kubo ng mga guro at papatayin ang lahat ng nasa MISFI. Apat na oras na naglakad ang mga guro tungong Valencia, Bukidnon, para tiyakin ang kanilang kaligtasan.

**Pambobomba sa Davao Oriental**

Halos apat na daang pamilya ang lumikas sa Davao Oriental matapos maglunsad ng *air strike* ang 67th IB sa Barangay Pichon, Caraga, Davao Oriental nitong Hulyo 8.

Pinakawalan ang anim na bomba matapos magkaroon ng engkwentro sa pagitan ng mga Pulang mandirigma at sundalo sa Sityo Lanipga, Barangay Pichon. Kasalukuyang nasa Department of Social Welfare and Development sa Barangay Poblacion, Caraga ang mga nagsilikas.

Ayon kay Grace Curso, kasapi ng Pasaka Confederation of Lumad Organizations, dalawang babae ang nasaktan sa pambobomba. Isa rito si Estrella Madanlo, na nadaplisan ng bala sa tuhod, habang ang isa pa ay nahulog sa motorsiklo habang lumilikas sa lugar.


Ang mga banta sa buhay ng mga taga-Pichon ay umigting matapos parusahan ng BHB si Ruben Labawan, kilalang anti-komunista sa lugar at lider ng Alamara. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa sunod na pahina,)* AB

# Mas malawak na pagbabago sa PNP-AFP, kailangan para sa kampanya kontra-droga

Kailangan ng mas malawak na pagbabago at reorganisasyon sa pinakamataas na mga antas ng pulisya, militar at iba pang ahensya ng gubyerno para magtagumpay ang kampanyang kontra-droga ni Presidente Duterte. Masyado nang nalulong sa droga at kalakalan ng droga ang organisasyon at mga upisyal ng pulis at militar kaya't hindi madadala sa pagbabando lang ng mga pangalan at "pagpapahiya" sa mga protektor ang paglaban sa droga. Kailangang kalkalin ni Duterte ang malalim na nakatrenserang sindikato ng droga sa pulisya, militar at iba pang ahensya sa burukrasya.

Batid ng mamamayang Pilipino na kasosyo ang maraming kumander at lokal na upisyal ng pulisya, kundi man sila mismo ang humahawak sa mga operatiba sa droga sa kani-kanilang mga lugar. Malaganap ang mga "tyangge ng shabu" at hayagang gumagana ang mga ito nang hindi lingid sa mga pulis at mga kakutsaba nilang upisyal sa barangay hanggang sa pamahalaang munisipal.

Ang mga regular na kontra-drogang reyd sa mga komunidad ay pang-midya lamang upang mapuno ang kotang pang-operasyon ng pulis. Tinatarget nila ang maliliit na isda at mga biktimang gumon sa droga. Madalas, ginagamit pa ang mga operasyong ito para alisin ang mga karibal na sindikato o likidahin ang mga aset ng pulis.




Ang pambansang opensiba ay nagbunga na ng daang patay na suspek na dekada na ring alam ng mga pulis. Libu-libo ang sumukong mga nagtutulak at gumagamit ng bawal na gamot sa takot na sila'y pagpapatayin. Ngunit ito'y hindi magpapatigil kundi pansamantala lamang na magdidiskaril sa malalaking sindikato na may proteksyon ng mga pulis at militar sa antas prubinsya at rehiyon. Batid din ng kasalukuyang rehimen na mabilis na makapagbubuo ng bagong makinarya

## Lider ng Alamara, pinarusahan

IPINATUPAD NG mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang hatol ng Rebolusyonaryong Hukumang Bayan na kamatayan kay Ruben Labawan noong Hulyo 6, alas-4 ng hapon sa Panabo City. Si Labawan ay nangungunang lider ng grupong paramilitar na Alamara na bantog sa mga krimen laban sa mamamayan.

Ayon sa pahayag ng BHB-Southern Mindanao Regional Operations Command, pinarusahan si Labawan dahil sa kanyang malulubhang krimen laban sa mamamayan, laluna sa mga Lumad at sa mga magbubukid na setler sa Davao City at North Cotabato.

Sinabi ni Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, na operatiba ng Intelligence Service of the AFP si Labawan mula pa 2001 sa ilalim ng Task Force Gantangan. Susing tungkulin niya ang pagpapatupad ng National Internal and Security Plan for Indigenous Peoples na nagresulta sa mga pagpatay, pagpapalayas at pagpapahirap sa mga Lumad at magbubukid. Kasapakat ang AFP, utak si Labawan sa pagpatay sa mga sibilyang pinaparatangang sumusuporta sa BHB. Dagdag pa ni Sanchez, aktibong nag-oorganisa si Labawan ng Alamara para sa AFP.

Noong 2015, nakipagsabwatan si Labawan sa 69th IB sa pagmasaker kina Datu Ruben Enlog at sa mga magsasakang sina Randy Carnasa at Oligario Quimbo sa Paquibato District. Sangkot din ang kanyang grupo sa pagpaslang kay Fr. Fausto Tentorio (Fr. Pops) noong 2011.

Gamit ang awtorisasyon ng National Commission on Indigenous People, pinangasiwaan ni Labawan ang 37 libong ektaryang lupaing ninuno sa Paquibato District sa Davao City. Bahagi nito ang malalawak na lupaing agrikultural na matagal nang pinagyaman at sinasaka ng mga Lumad na ibinebenta ni Labawan sa mga agri-korporasyon at malaking kumpanya sa pagmimina. Sa Davao City, biniktima rin ng kanyang grupo ang mga maralitang Lumad at setler sa malawakang pang-aagaw ng lupa at pagnanakaw ng mga hayop sa Paquibato, Marilog, Malabog at iba pang distrito ng syudad.

Kabilang sa pinakahuling krimen ni Labawan at ng kanyang Alamara, sa pakikipag-sabwatan sa 10th ID, ang pagtortyur at pagpatay sa dalawang Pulang mandirigmang wala nang kakayahang manlaban noong Hunyo 9 sa Davao City. Sangkot din sila sa pagtortyur, pagpatay at paglapastangan sa bangkay ni Noel Gulmatico (Ka Jepoy), isang Pulang kumander, nitong Hulyo 1 sa North Cotabato.

Lumitaw sa imbestigasyon ng BHB-SMR na bago pa pinatay ang nadakip na si Gulmatico, pinahirapan muna siya ng militar at mga paramilitar. Dagdag pa sa mga marka ng tortyur at paglapastangan sa bangkay ay ang pagkadurog ng likod ng ulo ni Ka Jepoy gamit ang matigas na bagay. AB

sa paglikha at distribusyon ang mga ito.

Ang pinatinding mga reyd kaugnay sa droga ay isinagawa nang labis na marahas at walang pagsasaalang-alang sa proseso ng batas. Ilan pa sa mga suspek ay pinatay habang nasa kustodiya na mismo ng pulis. Wari'y pinatay sila para hindi mailantad ang mga pulis na nasasangkot sa sindikato sa droga.

Hamon sa gubyernong Duterte ang mga programang pangrehabilitasyon upang mapangibabawan ang pagkagumon sa droga. Mas malaking hamon pa ang pagpapalitaw ng milyong hanapbuhay upang hindi na malulong sa droga at magamit ang produktibong lakas paggawa.

Nababahala ang mamamayan na ang kampanyang kontra-droga ay umaalagwa sa walang hangganang karahasan pangunahin laban sa maliliit na gumagamit at nagtutulak ng droga, sa kabila ng maluwag na pagtrato sa mga heneral ng pulis at iba pang personalidad na inakusahan ni Duterte bilang mga protektor o bahagi ng sindikato sa droga. Sa ngayon, lumalakas na ang pagtutol ng mga pamilya ng biktima, mga parlamentaryan, at mga aktibista sa karapatang tao, sa napakaraming ekstrahudisyal na pagpatay.

Ang impluwensya ni Duterte sa pulisya at militar sa pambansang antas ay hindi kasing lakas noong meyor pa siya sa Davao. Kailangan niya ng natatanging kampanyang magrereorganisa sa pinakamatataas na antas ng buong organisasyon ng pulisya at militar upang mabunot ang malalim na ugat ng mga sindikato. Dapat niyang pakitirin ang target sa pinakamatataas at pinakamasugid na mga pinuno ng sindikato at doon ituon ang pinakamabigat na mga hakbanging magagawa ng gubyerno.

Patuloy na pinamumunuan ng PKP ang mga rebolusyonaryong pwersa katuwang ang mamamayang Pilipino sa paglaban sa problema ng droga. Inuulit nito ang atas ng pamunuan na disarmahan, arestuhin at usigin ang mga pinuno ng sindikato sa droga laluna sa antas probinsya at rehiyon. Dapat itong isagawa ayon sa mga alituntunin at patakaran ng demokratikong pamahalaang bayan.

Ang paglaganap ng iligal na mga droga at kriminal na sindikato ay manipestasyon ng malalim na krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema kung saan ang mga burukrata-kapitalista kabilang ang mga upisyal sa pulisya at militar ay sumasangkot sa papalalang mga krimen at korapsyon para mapairal ang kanilang parasitikong pamumuhay.

Kaya't ang pagwawakas sa operasyon ng mga sindikato ng droga at ng mga kakutsaba nila sa pulisya, militar at burukrasya ay makakamit lamang sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagpapabagsak sa reaksyunaryong estado, lalo na ng armadong instrumento nito, at pagbibigay ng kapangyarihan sa mamamayan sa pamamagitan ng hukbong bayan at demokratikong pamahalaang bayan. AB

## Ang kapalpakan ng 4Ps at korapsyon ng Akbayan

NGAYONG NASA pwesto na ang bagong kalihim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), higit na nalalantad ang kabulastugan ng 4Ps, ang mapanlinlang na programang kontra-kahirapan. Samantala, sinimulan na ni Liza Maza, bagong talagang pinuno ng National Anti-Poverty Commission (NAPC), ang imbestigasyon sa korapsyon ng Akbayan sa pondo ng ahensya.

**Kapalpakan ng 4Ps**. Ibinunyag ni DSWD Sec. Judy Taguiwalo na umaabot sa P6.3 bilyong piso para sa programa ang wala pang ulat noong pinamumunuan pa ni Dinky Soliman ang departamento. Kabilang dito ang pondong nakaimbak lamang sa mga bangko. Mayroong 400,000 *account* ng mga benepisyaryo, na may pondong P139 milyon, ang hindi kailanman nagalaw. Ayon kay Taguiwalo, kailangang imbestigahan ang anomalyang ito, kasabay ng pagrepaso sa buong programa, mga proyekto ng KALAHI-CIDSS, ayuda para sa mga biktima ng Yolanda at pagtitigil sa malawakang kontraktwalisasyon ng mga empleyado sa loob ng DSWD.

Lumabas ang sumusunod na detalyeng nagpapatungkol sa kapalpakan ng 4Ps:

1. mas mataas na bilang ng mga *malnourished* at *undernourished* na estudyante sa kinder at elementarya (2 milyon ngayong 2016 kumpara sa 1.1 milyon noong nakaraang taon)

2. mas maraming bata ang di-nabakunahan (629,000) at nababansot (402,000)

3. nagpapatuloy na mataas ang bilang ng mga batang manggagawa (2.4 milyon)

4. mas maraming nagugutom (3.1 milyong pamilya nitong 2016 kumpara sa 12.6 milyong pamilya noong 2015, pinakamarami sa Mindanao)

**Korapsyon ng Akbayan**. Ipinapailalim naman ni Maza sa awdit ang gastos ng NAPC sa nakaraang anim na taon. Kabilang sa nais paimbestigahan ni Maza ang pagkuha ng ahensya noong 2011 ng 100 bagong tauhan, kalakhan ay mga lider at myembro ng Akbayan at pagwaldas ng halos P28 milyon sa kanila. Paiimbestigahan din ni Maza ang pagtatangka ng NAPC na gamitin ang pondong *coco levy* sa ilalim ng binalangkas na "Coco Roadmap" ng noo'y hepe ng ahensya na si Joel Rocamora.

Sa ilalim din ni Rocamora, nasangkot ang NAPC sa maanomalyang BUB o *bottom-up-budgeting*. Ang BUB ang naging paraan ng korapsyon at pagpapatuloy ng sistemang padrino matapos ideklara ng Korte Suprema na iligal ang *pork barrel* noong 2014. Dagdag dito, nabunyag din ang hindi maipaliwanag na pagdoble ng kayamanan ni Rocamora mula P15.65 milyon noong 2014 tungong P27.44 milyon nitong 2015. Si Rocamora ang isa sa mga tagapagtatag ng Akbayan. AB

# Mga bungkalan, inilunsad sa Negros Occidental

Upang tiyaking may kakainin ang kanilang mga pamilya, daang mga manggagawang bukid sa Murcia, Negros Occidental ang nag-okupa sa mga tubuhan at nagtanim ng pananim na pangkonsumo sa ilalim ng kampanyang bungkalan. Nagkaroon din ng katulad na aktibidad sa Don Salvador Benedicto at Bago City. Samantala, pinagtibay ng Department of Agrarian Reform ang ligalidad ng bungkalan sa Hacienda Luisita.

Sa Murcia, mahigit 40 manggagawang bukid ang umokupa sa Hacienda Ilimnan sa Barangay Sta. Rosa noong Hulyo 11.

Ang kampanyang ito ay pinangunahan ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) upang makaalpas ang mga manggagawang bukid at kanilang mga pamilya sa Tiempo Muerto, ang panahon sa pagitan ng pagtatanim at pag-ani ng tubo. Karaniwang tumatagal ang Tiempo Muerto mula Abril hanggang Setyembre. Nagdudulot ito ng kagutuman sa libong manggagawang bukid sa tubuhan sa buong isla ng Negros.

Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), walang subsidyong natatanggap ang mga magsasaka mula sa gubyerno at hindi rin sila nakikinabang sa tinatawag nitong Social Amelioration Program (SAP). Ang SAP ay hungkag na programang kontra-kahirapan ng reaksyunaryong estado na namamahagi ng suportang pampinansya sa panahon ng Tiempo Muerto, at pagtatayo ng mga proyektong sosyo-ekonomiko.

Sa pag-aaral ng KMP, siyam sa 10 manggagawang bukid ang hindi nakatatanggap ng SAP. Sa halip, napupunta ang pondo sa mga panginoong maylupa. Ang tanging paraan para mabuhay ang mga magsasaka ay sa pamamagitan ng bungkalan.

Mula pa 1993, ipinanawagan ng mga manggagawang bukid na isama ang Hacienda Ilimnan sa lupaing ipamamahagi ng gubyerno. Taong 1998, pumirma ang mga benepisyaryo ng Application to Purchase and Farmers Undertaking (APFU) kung saan nangangako silang magbabayad ng amortisasyon. Subalit, isinawalang bahala ito ng pamilyang Arguelles na may kontrol sa buong hacienda at ibinenta ang lupain sa gubyerno ng Negros Occidental.

Nitong Hulyo 12, nagkaroon ng dayalogo sa pagitan ng mga manggagawang bukid at ni Jose Maria Valencia, tagapangasiwa ng Provincial Government Legal Office ng Negros Occidental. Walang napagkasunduan ang dalawang panig at sa halip ay binantaan pa ng hepe ng pulis ng Murcia na aarestuhin ang mga magsasaka kung magtangka silang pasukin ang asyenda.

Nagdeploy din ng mga elemento ng Public Safety Company ng PNP, 303rd IB at ilang mga gwardya upang buwagin ang bungkalan ng mga magsasaka.

Umaabot naman sa 164 ektaryang lupa sa Don Salvador Benedicto at mahigit 2,000 ektarya sa Bago City ang inokupa ng mga magsasaka at tinamnan ng palay, mongo, mais at mga punong-prutas. Dahil dito, sinampahan sila ng gawa-gawang kaso tulad ng malubhang pamimilit, pang-aagaw ng ari-arian at pagnanakaw.



### Bungkalan sa HLI

Samantala, nagkaroon ng dayalogo ang mga magsasaka at manggagawang bukid ng Hacienda Luisita at ang bagong-talagang kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR) na si Rafael Mariano (Ka Paeng). Dito, ipinaabot ng mahigit isandaang kasapi ng Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) ang kanilang mga hinaing sa nakaraang upisyal ng DAR. Kinundena nila ang bogus na pamamahagi ng lupa gamit ang sistemang 'tambiolo', pagbuldoser at pagbomba ng kemikal sa kanilang mga pananim at abusong pisikal sa mga magsasaka.

Sa memo na inilabas ng kalihim, inatasan nito ang pinuno ng DAR sa Central Luzon at upisina nito sa Tarlac na panatilihin ang 'status quo'. Ayon sa memo, "...walang sinuman, tuwiran o di-tuwiran, ang may karapatang bawiin o palayasin ang mga magsasakang kasalukuyang nagbubungkal sa lupa o may karapatang sirain ang kanilang pananim," dagdag ni Mariano.

Nangako rin ang DAR na aaksyunan ang kanilang hinaing sa loob ng 30 araw. Hihingin din ni Mariano sa kalihim ng depensa na si Delfin Lorenzana na tanggalin ang militar na nakabase sa asyenda.

Sinuspinde rin ni Ka Paeng ang Administrative Order No. 4, Series of 2016 na nagpapahintulot na hatiin o i-parsela ang mga lupaing may kolektibong CLOA sa indibidwal na mga titulo. Ayon sa kalihim, ang kautusang ito ay maaaring tumungo sa muling pagtipon ng mga naipamahagi nang sakahan sa kamay ng dating mga panginoong maylupa o mayayamang indibidwal na magsasamantala sa kahirapan ng mga magsasakang benepisyaryo. Hinikayat din ni Ka Paeng ang mga magsasaka na maglunsad ng kolektibong pagsasaka upang imaksimisa ang limitadong rekurso na mayroon sila. AB

Alinsunod sa desisyon ng Permanent Court of Arbitration

# Demilitarisasyon ng SCS, ipinanawagan

Nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Hunyo 13 ng demilitarisasyon ng South China Sea kaugnay ng desisyon ng Permanent Court of Arbitration (PCA) na nagtaguyod sa karapatan ng Pilipinas laban sa pag-aangkin ng China sa karagatang teritoryo nito.

Anang PKP, magagamit ng pamahalaang Duterte ang desisyon upang mamuno sa isang internasyunal na kampanya para sa demilitarisasyon ng South China Sea, laluna ang bahaging saklaw ng Pilipinas.

Magiging bentahe ang mataas na katayuang diplomatiko upang itaguyod ang panrehiyong kapayapaan sa pamamagitan ng paghimok sa lahat ng bayang sangkot na gumawa ng hakbang para pahupain ang tensyong militar.

Dagdag ng PKP, dapat hingin sa China na iatras ang mga sasakyang militar at tigilan ang patuloy na pagdraga at pagtatayo ng mga pasilidad pangmilitar sa karagatang teritoryo ng Pilipinas. Kasabay nito, maaari ring kilalanin ng bayan na ang mga agresibong hakbang ng China ay tugon sa pagkubkob at pagtindi ng presensya militar ng US ayon sa patakaran nitong "pagpihit sa Asia."

Dapat tanggihan ng Pilipinas ang paggamit ng US sa Pilipinas bilang lunsaran ng panghihimasok sa Asya, pagpapasikat ng kapangyarihan sa pamamagitan ng mga ehersisyong militar at mga pagpapatrulya sa dagat na nang-uupat ng gulo sa katapat na mga bayan. Ang malayang daloy ng kalakalan sa South China Sea ay hindi dapat kontrolado ng militar ng US o ng China.

Kinundena naman ng PKP ang China sa mainit na pananalita nito laban sa desisyon. Inilinaw ng PKP na magiging mas bentaha para sa China ang pakikipagkaisa sa mamamayang Pilipino batay sa pang-ekonomyang kooperasyon at pagtutulungan upang mabuo ang lakas laban sa militarismo at hegemonismo ng US.

Wika ni Jose Maria Sison ng International League of Peoples' Struggles sa isang panayam noong Hulyo 17, "Walang dapat mangamba sa gera. Pinakamabuti para sa China ang makipagkasundo sa Pilipinas at ibang bayan ng ASEAN, positibong tumugon sa panawagan ni Presidente Duterte sa nababagay na negosasyong bilateral at labanan ang pakana ng US na pagkukunwaring tagapagtanggol ng Pilipinas ngunit naghahari-harian, sumasakop ng teritoryo ng Pilipinas gamit ang mga base militar, nang-aapi at nagsasamantala sa buong sambayanang Pilipino." Hinimok din ni Sison na ituloy ang eksplorasyon ng langis sa Reed Bank, isang proyekto

# Mga kargador sa Batangas, nagwelga

NOONG HULYO 11, pumutok ang welga ng mga manggagawa ng Soro-soro Ibaba Development Cooperative (SIDC) laban sa laganap na kontraktwalisasyon sa pagawaan. Mula pa Hunyo 22 naglulunsad ng mga pagkilos ang mga manggagawa laban sa kumpanya. Ang SIDC, na pagmamay-ari ng isang Rico Geron, ay kumpanyang gumagawa ng pakain ng baboy at manok na nakabase sa Barangay Soro-soro Ibaba, Batangas City. Si Geron ang unang nominado ng Agricultural Sector Alliance of the Philippines o AGAP Partylist.

Pinangunahan ng mga kargador ng pagawaan ang welga sa pamamagitan ng kanilang organisasyon, ang Samahan ng mga Kargador (SK)-SIDC na itinayo nila noong Abril 2016. Sa 400 manggagawa ng pabrika, nasa 80 ang mga kargador. Kalakhan sa kanila ay mahigit 30 taon nang nagtatrabaho sa pabrika pero hanggang ngayon ay nananatiling kontraktwal. Noong 2009, ipinasa sila sa DCMM Agency, isang ahensyang walang kinalaman sa produksyon, at sa gayon ay iligal kahit sa ilalim ng mga regulasyon ng Department of Labor and Employment.

Pangunahin sa mga iginigiit ng mga manggagawa ang regularisasyon ng mga kontraktwal. Dagdag dito, ipinaglalaban din nila ang pagbabalik ng mga tinanggal nilang kasamahan, kabilang si Ismael Dimaano, presidente ng SK-SIDC-LIGA na sinisante matapos ang unang serye ng mga kilos-protesta. Iginigiit din nila ang paghulog ng kanilang kontribusyon sa SSS, Philhealth at Pag-ibig at pagkilala sa kanilang organisasyon. Liban dito, ipinoprotesta nila ang pagkaltas ng DCMM Agency ng P500 buwan-buwan para diumano sa tubig at kuryente ng upisina ng ahensya. Nilalabanan din nila ang hindi pagbabayad ng kumpanya sa mga gastusing medikal para sa mga manggagawang nagkakasakit dulot ng trabaho at hindi pagbabayad para sa *overtime.*

Bahagi ang SK-SIDC ng LIGA (Liga ng Manggagawa para sa Regular na Hanapbuhay), ang alyansa ng mga kontraktwal na manggagawa sa Southern Tagalog.

Samantala, inilusad ng mga manggagawa ng Renaissance Foods Corporation sa Canlubang, Laguna ang kanilang kampuhan-protesta noon ding Hulyo 11 para tutulan ang mababang pasahod, pleksibilisasyon ng paggawa, kawalan ng seguridad sa trabaho at ligtas na kundisyon sa paggawa. Ipinaglalaban din nila ang pagkilala sa kanilang samahan. Lumilikha ang RFC ng mga biskwit at *wafer* para sa lokal na konsumo. AB

ng Philex ni Manny Pangilinan at ng taga-UK na Energy Forum Plc.


**Ang desisyon ng PCA**

Pinagpasyahan ng PCA noong Hunyo 12 na ang Pilipinas ang may karapatan sa mga karagatang nasasaklaw ng *exclusive economic zone* (EEZ) at *extended continental shelf* (EES) nito. Idineklarang walang ligal na batayan ang China sa pag-angkin nito ng halos buong South China Sea at ang mga likas na yaman nito. Ang PCA ay nakabase sa The Hague, The Netherlands.

Sa desisyong ito, idineklara ng tribunal na nilabag ng China ang karapatan ng Pilipinas nang magtayo ang una ng artipisyal na mga isla sa nasabing karagatan, pinigilan sa paghahanapbuhay ang mga Pilipinong mangingisda at pagsasagawa ng Pilipinas ng eksplorasyon sa langis. Pinagtibay ang soberanyang karapatan ng Pilipinas sa Panganiban (Mischief) Reef, Ayungin (Second Thomas) Shoal, at Recto (Reed) Bank bilang saklaw ng *continental shelf* nito. Ang Panatag (Scarborough) Shoal na 124 *nautical miles* mula sa Zambales, ay idineklarang tradisyunal na pangisdaan at hindi pwedeng pagbawalan ang mga mangingisdang Pilipino rito. Hindi sinaklaw ng tribuna ang usapin kung sino ang may soberanya rito.

Maliban sa Pilipinas, ikinatuwa ng Vietnam ang desisyon at muling iginiit ang kanilang pagmamay-ari sa Paracel Islands na kontrolado ng China sa kasalukuyan. Nagpahayag naman ang India, Japan, Australia at New Zealand ng suporta sa mapayapang pag-aayos sa tunggalian.

Ang sigalot sa South China Sea ay tumindi nang simulan ng China ang pag-angkin sa malaking bahagi ng nasabing karagatan batay sa ipinaggigiitan nitong mapa na "nine-dash line" ilang taon na ang nakaraan. (*Basahin sa* Ang Bayan, *Hunyo 21, 2015.*) Naging laman ito ng ilang panrehiyong mga pulong hanggang magsampa ng pormal na reklamo ang Pilipinas sa PCA noong Enero 2013. Ngunit patuloy na nagtayo ng mga istruktura ang China sa Kalayaan Group of Islands at pinagbawalang maghanapbuhay doon ang mga Pilipinong mangingisda. Sa mahigpit na pagsang-ayon ng rehimeng Aquino, sinamantala ito ng US para sa pagpwesto ng pwersa militar sa ilalim ng programang "pagpihit sa Asia." Dito rin isinagawa ng US ang bulto ng ehersisyong militar na panindak sa China.




Kaya hindi kataka-takang nagsasabi lang ang US na pinag-aaralan pa nito ang desisyon at dapat ayusin umano ito ng China at Pilipinas. Ngunit ipinagtanggol agad nito ang karapatang manatili sa South China ang mga plota nabal at barko de gera dahil dati na raw silang nakapusisyon dito.

Hindi naman nagkaisa ang mga myembrong estado ng European Union kung kikilalanin ang desisyon matapos ang 72 oras na pagtatalo. May ilang bansa na nakikipag-ayos ng kalakalan sa China at ayaw masangkot sa usapin. Ang France sa sarili nito ay nananawagan ng mga *joint patrol* sa South China Sea ng mga pwersa nabal ng EU.

Ang Taiwan, na may kahalintulad na pag-angkin, ay nagdeklarang "lubos na hindi katanggap-tanggap" ang desisyon at pinagpatrulya ang isang barko de gera noong Hunyo 13 sa inaangkin nitong Itu Alba. Ang Itu Alba na pinakamalaking bahura sa Spratly Islands ay idineklara ng PCA na hindi isla kundi isang malaking bato.

Sa kanilang panig, pinag-aaralan pa ng pamahalaang Duterte ang magiging hakbang sa pagpapatupad ng desisyon, at nanawagan sa mamamayan ng hinahon sa usaping ito. AB

# Pagwasak ng neoliberalismo sa kabuhayan ng mamamayan

*(Panghuli sa serye tungkol sa neoliberalismo.)*

Krisis sa hanapbuhay, pagsadsad ng sahod, malawakang dislokasyon at nagtataasang presyo ng mga bilihin at serbisyo -- ilan lamang ito sa mga pahirap na ibinunga ng mga neoliberal na patakaran sa nakaraang halos apat na dekada.


**Krisis sa hanapbuhay at pangingibang-bayan ng mga manggagawa.** Tuluy-tuloy na tumaas ang tantos ng disempleyo mula 4.9% noong dekada 1970 tungong 10% sa kasalukuyang dekada. Tirik sa 15% ng kabuuang empleyo ang sektor ng industriya sa panahon ding ito. Bumagsak ang empleyo sa agrikultura, mula 53% sa dekada 1970 tungong 36% sa dekada 2000. Kalakhan ng bagong mga trabaho ay matatagpuan sa sektor ng serbisyo.

Lumaki ang bilang ng mga walang trabaho na nakipagsapalaran sa ibang bayan. Noong 2013, may 10.2 milyon nang Pilipino ang nagtatrabaho sa ibayong dagat at sa gayon ay hindi na nakapag-aambag sa lokal na produksyon. Araw-araw mula 2014, mahigit 4,500 migranteng Pilipino ang umaalis ng bayan – doble sa karaniwang bilang ng nalilikhang lokal na trabaho kada araw (2,800). Kalakhan ng mga trabahong pinapasok ng mga migranteng Pilipino ay kontraktwal at nangangailangan ng wala o mababang kasanayan. Ang mga ito'y may mababang sahod at bulnerable sa abuso. Halos kalahati sa kanila ay kababaihan.

Inamin kahit ng World Bank nitong nakaraang Hunyo na habang nasa 5-6% ang tantos ng paglago ng ekonomya mula 2004-2014, nasa 1.9% lamang ang tantos ng paglikha ng mga bagong trabaho. Sangkatlo (1/3) ng mga trabahong ito ay itinuturing na "masama" dahil "impormal" at kaswal ang katangian ng mga ito. Ibig sabihin, mababa ang sahod, walang mga benepisyo at seguridad sa trabaho. Mataas ang bilang ng mga impormal na manggagawa kapwa sa kanayunan (66%) at kalunsuran (30%). Pinakamalaking bahagi (80%) ay nasa sektor ng serbisyo.

Isa sa bawat apat na kabataan, edad 15-24, ang wala na sa eskwelahan pero hindi rin nagtatrabaho dulot ng kawalan ng mapapasukan. Pinakamarami (40%) sa kanila ay nabibilang sa pinakamahihirap na pamilya. Samantala, isa sa bawat dalawang babae ang hindi ibinibilang sa pwersa ng paggawa. Sa mga babaeng kabilang sa pwersa ng paggawa, 47% (Labor Force Survey, 2013) lamang ang may trabaho na karamihan pa ay panandalian at kaswal.


Kasabay ng paglaho ng karapatan sa disenteng empleyo, nawasak rin ang iba pang karapatang pangmanggagawa. Sistematikong inatake at binaklas ang seguridad sa trabaho at mga karapatan sa pag-unyon at kolektibong pakikipagtawaran. Mula nang ipatupad ang kontraktwalisasyon, kaswalisasyon, *apprenticeship* at iba pang iskema ng pagbabawas ng gastos sa lakas-paggawa, tuluy-tuloy na bumagsak ang bilang ng mga regular na manggagawa, kapwa sa pribado at pampublikong sektor.




**Pagsadsad ng sahod at papatinding kahirapan.** Ang kasalatan ng disenteng trabaho at paglaganap ng mga trabahong may mababang sahod ay resulta ng ekonomyang nakasalalay sa importasyon at nakatali sa pag-eeksport. Sa ilalim ng todo-todong liberalisasyon, bumaling sa mas simpleng proseso ng produksyon at sa gayon, sa mga industriyang may mababang dagdag-halaga *(low-value added)* ang karamihan sa mga dayuhang negosyante sa bansa. Dahil dito, bumaba ang kinakailangang kasanayan ng mga manggagawa ng mga empresa. Resulta nito, bumaba ang pamantayang sahod na nakabatay sa kasanayan ng mga manggagawa *(wage skill premium)* at lumayo ang agwat ng mga sahod sa iba't ibang sektor at subsektor.

Inaamin ng reaksyunaryong estado na hindi tumataas ang abereyds na sahod sa kabila ng ipinangangalandakang paglago ng ekonomya. Nakapako ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawang Pilipino mula 1980 hanggang sa kasalukuyan. Ayon mismo sa mga estadistika ng World Bank, hindi tumaas ang tunay na sahod mula 2004-2014. Ito ay sa kabila ng mahigit 200 kautusang umento sa sahod na inilabas ng iba't-ibang mga *regional wage board* mula 1989 at mataas na tantos ng produktibidad ng paggawa (nasa 26.4% noong 2010-2013).

Malalayo ang agwat ng sinasahod ng mga manggagawang may kasanayan kumpara sa mga walang kasanayan (50%), mga nakapagtapos ng




hayskul at kolehiyo kumpara sa mga gumradweyt lamang ng elementarya (113%) at mga manggagawa sa kanayunan kontra sa kalunsuran (20%).

Malaking bahagi ng mga manggagawa na hindi nakapagtapos ng hayskul (44% sa pangkalahatan, 57% sa kanayunan) ay nasa mga trabahong hindi nangangailangan ng mataas na kasanayan, at sa gayon ay mas mababa ang tinatanggap na sahod. Gayunpaman, malaking bahagi rin ng pwersa ng paggawa ang nakatapos ng hayskul pero nananatili sa mga trabahong walang kinakailangang kasanayan.

Sa pangkalahatan, mas maraming kababaihan (37%) ang tumatanggap ng mababang sahod kaysa sa kalalakihan (25%). Mas mababa ng 30% ang tinatanggap ng kababaihan kumpara sa kalalakihan kahit sa loob ng parehong sektor o linya ng produksyon.

Ang kasalukuyang antas ng sahod ay kalahati lamang ng antas ng sahod noong 1987. Noong 2014, nasa P367.35 lamang ang pangkaraniwang sahod sa lahat ng industriya sa bansa—P185.31 sa mga nasa agrikultura at P397.70 naman sa mga nasa iba pang industriya.

Sa NCR, ang minimum na sahod ay P481. Wala pa ito sa kalahati (44.4%) ng tinatayang kailangang P1,096 (Hunyo 2016) ng isang pamilya na may limang myembro para mabuhay nang disente. Mas malayo ito kung ikukumpara sa kalkulasyon ng National Economic Development Authority nitong Hulyo na nasa P120,000 ang kinakailangan ng isang apat-kataong pamilya para mabuhay ng "simple pero komportable" alinsunod sa mga internasyunal na pamantayan. Isinama sa kalkulasyong ito ang gastusin para sa sariling bahay, sariling sasakyan, edukasyong pangkolehiyo ng mga anak, ilang araw na bakasyon at iba pang simpleng libangan.

Napakababa na nga, marami pang empresa at employer ang hindi sumusunod sa minimum na sahod. Ayon sa pag-aaral ng National Statistics Office noong 2011, 71 sa 100 manggagawa ang tumatanggap ng mababang minimum na sahod at mas mababa sa minimum na sahod. Nasa 70% ng mga impormal na manggagawa ang tumatanggap ng mas mababa sa minimum.

Walang pagbabago sa datos ng kahirapan sa kabila ng paglago ng ekonomya. Alinsunod sa kalkulasyon ng IBON Foundation nitong 2016, nasa 66 milyong Pilipino ang maituturing na mahirap o nabubuhay sa P125 o mas mababa kada araw. Taliwas ito sa pahayag ng nagdaang rehimen na bumaba na ang tantos ng kahirapan mula 28% (26 milyon) tungong 26% (24 milyon) sa nakaraang tatlong taon. Nagawa ang pagpapaliit ng estadistika sa pamamagitan ng pagbaba ng pamantayan ng kahirapan tungong P61/araw.

Sa kalunsuran, patuloy ang pagdausdos ng kalidad ng buhay. Mula dekada 1990, tuluy-tuloy ang pagdami ng mga komunidad ng maralitang lunsod. Ang mga komunidad na ito ay masisikip, bahain at palagiang nasa panganib ng demolisyon. Wala itong maaayos na serbisyo sa tubig, hindi sapat ang pasilidad para sa sanitasyon, hindi matitibay ang mga bahay at siksikan ang mga residente. Ayon sa ulat ng UN Habitat, mahigit 41% o 18.3 milyong mamamayan sa kalunsuran ang nakatira sa mga maralitang komunidad noong 2010. Noong 2011, mahigit 556,000 pamilya sa Metro Manila na nakatira sa gayong mga komunidad ang nawalan ng tirahan dulot ng serye ng mga demolisyon (DILG). Tinatayang madaragdagan pa ng 1.4 milyong maralita ang mapapalayas sa kanilang mga bahay kapag ipinatupad ang mga proyekto sa ilalim ng programang Public-Private Partnership (PPP) ng nagdaang rehimen.

**Malawakang dislokasyon ng mga magsasaka at pambansang minorya.** Milyun-milyong magsasaka at pambansang minorya ang napalayas sa kanilang mga lupa dulot ng malawakang pagpapalit-gamit ng lupa, malakihang pagmimina at ekspansyon ng mga agrikultural na plantasyon.

Milyong magsasaka ang nawalan ng hanapbuhay dahil sa pagpapalit-gamit ng lupa. Pinakamarami ang nawalan ng lupang masasaka sa Central Luzon at CALABARZON kung saan pinakalaganap ang pagpapalit-gamit tungo sa mga subdibisyon, enklabong pang-ekonomya, pasilidad panturista at iba pang *real estate.* Sa pangkabuuan, nabawasan ng halos 600,000 ektarya ang lupang sakahan mula 1991-2002.

Gayundin, sinakop na ng dayuhang mga kumpanya sa mina ang may 500,000 ektarya na kalakhan ay lupang ninuno. Ang mahigit 1.2 milyon naman na sakop ng mga komersyal na plantasyon ay palalawakin pa ng dagdag na 1.5 milyong ektarya sa susunod na 15 taon.

**Pagtaas ng presyo ng mga bilihin at singil sa batayang serbisyo.** Kabaligtaran sa mga pangakong magdudulot ang pribatisasyon ng pagbaba ng presyo ng mga bilihin at singil ng mga batayang serbisyo, tuluy-tuloy ang pagtaas ng mga ito.

Tumaas ng abereyds na 5% ang taunang implasyon o presyo ng mga bilihin at serbisyo sa bansa. Pinakamalaking pagtaas dito ang presyo ng pagkain, kung saan napupunta ang 60% ng kita ng mga pamilya.

Dahil sa VAT at EVAT, tumaas ang presyo ng mga batayang bilihin at "personal na serbisyo" tulad ng pagpapatingin sa mga duktor at iba pang propesyunal. Tinatayang umaabot sa P73 bilyon ang taunang nalilikom ng estado mula sa EVAT. Ang P20 bilyon dito ay mula sa mga produktong petrolyo.

Direktang resulta ng pribatisasyon ang pagtaas ng singil sa tubig, kuryente, transportasyon, komunikasyon at pagpapaospital. Mula nang isinapribado ang serbisyo ng tubig noong 1997 hanggang 2012, tumaas ng 564% at 1,083% ang singil sa tubig sa Metro Manila. Ito ay dulot ng mga insentiba na iginawad ng estado sa mga pribadong konsesyuner tulad ng awtomatikong pagtaas ng singil ayon sa konsumo at para mabawi ang kanilang puhunan at inutang at mga pagbabago sa palitan ng piso at dolyar. Hanggang 2008, wala pang kalahati (45%) ng mga bahay ang nakabitan ng serbisyong tubig at wala pang 5% ang nakikinabang sa sistema ng alkantarilya.

Nananatiling isa sa pinakamataas sa Asia ang singil sa kuryente. Nasa abereyds na P10/kilowatt hour (kwH) ngayong 2016 ang singil sa kuryente, kumpara sa abereyds na P3.7/kwH noong 1996.

Triple naman ang itinaas ng mga presyo ng mga produktong petrolyo, laluna sa panahon ng 2005 hanggng 2013.

Mula pa dekada 1990, nasa proseso na ang pribatisasyon ng mahigit 30 pambansa at rehiyunal na ospital sa pamamagitan ng iskemang korporatisasyon. Una nang pumailalim sa ganitong iskema ang National Heart Center, National Kidney Institute at National Lung Center. Sa mga ospital na ito, mas mataas nang hanggang 300% ang singil sa mga serbisyo at laboratoryo kumpara sa iba pang pampublikong ospital. Halimbawa, ang x-ray sa NKTI ay nagkakahalaga ng P665 habang P250 lamang ito sa Philippine Orthopedic Center (POC). Isinasapribado ng POC, Philippine Children's Medical Center at Fabella Hospital sa balangkas ng PPP. Kapag natuloy, aabot sa 90% ng mahihirap na pasyente ang mawawalan ng akses sa mura at mahusay na serbisyo.


Ang komersyalisasyon ng edukasyon ay nagdulot ng 670% na pagtaas ng matrikula mula dekada 1990 hanggang 2005. Sa abereyds na 12% taunang pagtaas nito sa sumunod na mga taon, tinatayang umaabot na sa abereyds na 1000% ang itinaas ng matrikula kada yunit. Wala pa rito ang ibang bayarin at gastos sa pag-aaral. Ang pagdagdag ng dalawa pang taon sa K-12 ay mangangahulugan ng dagdag na P120,000 gastos para sa mga estudyante at kanilang mga magulang.

Mayroong mga serbisyo na di-direktang binabayaran ng mamamayan, pero nakapaloob sa taunang ginagastusan ng estado tulad ng mga imprastrukturang nakapaloob sa mga iskemang katulad ng *build-operate-transfer* at programang PPP.

---

# Panawagang #BlackLivesMatter, muling tumampok

NITONG HULYO, bumuhos sa Baton Rouge, Louisiana sa US ang daan-daang African-American at kanilang mga taga-suporta upang ipanawagan ang pantay na pagtrato at kundenahin ang panibagong karahasan laban sa kanilang lahi.



Sumiklab ang mga protesta matapos kumalat sa internet noong Hulyo 5 ang isang bidyo na naglalaman ng walang pakundangang pagbaril ng mga puting pulis kay Alton Sterling, 37, isang itim. Makikita sa bidyo si Sterling na nakatihaya sa lupa at wala nang kakayahang kumilos habang dinadaganan at inaaresto ng dalawang pulis sa harap ng isang tindahan. Makalipas ang ilang segundo, sumigaw ang isa sa mga pulis na may baril daw si Sterling at agad siyang pinagbabaril hanggang mamatay. Isa sa mga nakasaksi sa pangyayari ang nag-*upload* ng bidyo na agad na nagkaroon ng libu-libong manonood.

Noong Hulyo 6, binaril naman ng isang pulis si Philando Castile, 32, sa Minnesota habang inaabot niya ang kanyang pitaka.

Ang dalawang pagpaslang na ito ang nagbunsod ng mga martsa sa mga mayor na syudad ng US sa ilalim ng panawagang #BlackLivesMatter (may halaga ang buhay ng mga itim) upang kundenahin ang brutalidad ng mga pulis.

Ang panawagang #BlackLivesMatter ay nagmula sa komunidad ng mga African-American na nag-organisa ng mga protesta hinggil sa mga pagpaslang sa mga itim ng kalakha'y puting mga pulis. Nagsimula ito noong 2012 nang barilin si Trayvon Martin. Matapos ito, muling umingay ang kampanya sa social media noong 2014 nang mamatay si Eric Garner habang inaaresto dahil sa pagbebenta ng sigarilyo.

Si Sterling ay pinakahuli sa mahabang listahan ng walang pakundangan at arbitraryong pamamaril ng mga pulis sa US na nagbunsod ng protesta at galit, partikular sa mamamayang nananawagan ng pagkakapantay-pantay at hustisya para mga biktima ng diskriminasyon dahil sa lahi o kulay. Ang pangyayaring ito ay katulad rin ng pangyayari nang barilin si Michael Brown noong Agosto 2014 sa Ferguson, Missouri.

Kasabay sa Baton Rouge, nagkaroon ng pagkilos sa Washington D.C., Atlanta, Florida, Louisiana at Minnesota. Marahas namang binuwag ng mga pulis ang mapayapang protesta sa Dallas, Texas matapos barilin ng isang dating Marino ang limang pulis na nakabantay sa protesta.

Nagbigay ng kanilang suporta ang ilang mga artista, mang-aawit at tanyag na manlalaro ng basketbol tulad nina Carmelo Antony, Chris Paul, Dwayne Wade at LeBron James. Sa kanilang talumpati, hinamon ng mga ito ang kanilang mga kapwa atleta na magsalita hinggil sa isyu at gamitin ang kanilang impluwensya para kundenahin ang karahasan.

Sa kanyang konsyerto sa Scotland, nag-alay ng ilang segundong katahimikan ang mang-aawit na si Beyonce para sa lahat ng biktima ng karahasan ng pulis. Kasabay nito ay ipinalabas sa puting telon ang listahan ng lahat ng pangalan ng mga Black American na napaslang at nagtanghal ng awiting "Freedom." AB

# Karahasan sa Iraq, tumitindi

UMAAABOT NA SA 300, ilan sa kanila ay bata, ang napaslang sa sunud-sunod na pagsabog sa Baghdad, Iraq noong Hulyo 3.

Dahil dito, lumalawak ang galit ng mamamayan ng Iraq sa kabiguan ng kanilang gubyerno na protektahan ang mga sibilyan. Ang insidente ay naganap sa pagtatapos ng Ramadan, kung saan ang mga kalsada ay puno ng mga kabataan at pamilyang nagdiriwang. Daan-daan rin ang sugatan sa pagsabog.

Pinangangambahan rin ng gubyerno ng Iraq na maaari pang tumaas ang bilang ng namatay.

Inako ng ISIS ang responsibilidad sa pag-atake, na target ang mga Shia Muslims sa lugar.

Dahil sa pangyayaring ito, nagmartsa ang daang mga Iraqi upang kundenahin ang pamumuno ni Abadi. Batid nilang ang pagpapasabog ay dulot ng maruming pulitika at korapsyon sa bansa.

Samantala, kinilala ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kanyang talumpati sa selebrasyon ng Mindanao Eid al-Fitr sa SMX Convention Center, ang pangyayari sa Middle East bilang resulta ng panghihimasok ng US sa Iraq.

Aniya, sapilitang pinasok ng imperyalismong US ang Iraq at pinatay si Saddam Hussein. Mali rin umanong sabihin na sa Middle East nagmumula ang terorismo.

"Amerika ang nagdadala ng terorismo," ani Duterte.

Samantala, 84 ang napaslang habang 200 ang sugatan sa pananagasa ng isang trak na naganap sa Nice, France noong Hulyo 14. Minaneho ng suspek na si Mohamed Lahouaiej Bouhlel ang isang 19-toneladang trak at inararo ang mga nanonood ng *fireworks* sa pinakamataong kalsada ng Nice. Nagpapaputok din siya ng baril matapos napahinto ang kanyang trak. Ginugunita noon ng mga manonood ang Bastille Day, pambansang araw ng France. Ang trahedya ay pangatlo na sa walang pakundangang pagpatay ng mga sibilyan na inako ng ISIS sa loob ng 18 buwan. AB

# PABATID

NAIS IPABATID ng *Ang Bayan* at ng Kawanihan sa Impormasyon ng PKP na ang Philippine Revolution Web Central, ang upisyal na website ng PKP, ay gumagamit ng bagong mga *social media account*. Sinimulan rin natin kamakailan ang bagong bersyon ng PRWC. Hinihikayat ang lahat na magbigay ng komentaryo at mga mungkahi para ibayo pang mapaunlad ang website na ito.

Dapat mapaunlad rin ang kakayahan ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa na gamitin ang *social media* upang abutin ang milyun-milyong Pilipino at maiparating sa kanila ang mga rebolusyonaryong panawagan.

Hinihikayat din ang lahat ng yunit na bisitahin ang website at iba pang mga *social media service* para sa pagtanggap ng mga upisyal na pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas, National Democratic Front of the Philippines at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at organisasyon sa iba't ibang sektor at iba't ibang rehiyon. Dito rin makukuha ang kopya ng pinakabagong isyu ng *Ang Bayan* at mapapanood ang mga bidyo nito.

Facebook: Philippine Revolution Web Central

Twitter: @prwc_info

Instagram: prwc_info

Youtube: prwc

Email: cppinformationbureau@gmail.com

Website (panimula): cpp.ph